



NEWS RELEASE

baaqmd.gov



PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Agosto 9, 2023
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin, pinondohan ang de-kuryenteng sasakyan kumpanyang gumagawa ng mga EV na mas abot-kaya para sa lahat

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay nagbigay ng garantiyang loan para sa EV Life, isang startup na nagsisikap na alisin ang green premium sa mga de-kuryenteng sasakyan para sa milyon-milyong tao na nahihirapang bumili ng de-kuryenteng sasakyan.

Bagama't sa simula ay maaaring mas mataas ang sticker price ng isang EV kaysa sa isang sasakyang pinapaandar ng gasolina, ang gastos sa pagmamaneho ng isang EV ay kadalasang mas mababa dahil sa murang gastos sa gasolina at pagmementina. Bagama't maraming EV ang may kasama nang mga kredito sa buwis, rebate at iba pang mga insentibo, kakaunti lang ang insentibong nagpapababa sa paunang halaga ng kanilang pagbili. Ang EV Life ay nagbibigay-daan sa mga consumer na matuklasan at tustusan ang mga insentibo na ito at tumutulong na mapababa ang kanilang mga paunang bayad sa sasakyan sa pamamagitan ng EV Life Climate Loan. Maaaring gawing mas abot-kaya ng loan ang pagpopondo sa isang EV kaysa sa isang tradisyonal na sasakyang pinapaandar ng gasolina, na nagpapahiwatig ng isang makabuluhang milestone sa pag-udyok ng malawakang paggamit ng malinis na enerhiya.

"Dahil nakagawa ang Bay Area ng makabuluhang progreso sa pagpapataas ng paggamit ng de-kuryenteng sasakyan, dapat nating alisin ang hadlang sa presyo ng EV para makinabang ang lahat ng residente mula sa mga sasakyang mainam sa hangin," sabi ni Dr. Philip Fine, executive officer ng Distrito ng Hangin. "Ang paglipat sa malinis na transportasyon na mas madali at mas abot-kaya ay mahalaga para matiyak na walang maiwan sa paglipat sa malinis na enerhiya."

"Ang nangungunang hadlang sa paggamit ng de-kuryenteng sasakyan ay ang presyo sa pagbili nito," sabi ni Peter Glenn, Founder, Co-CEO at Head of Marketing ng EV Life. "Naniniwala kami na pagdating sa pagbili ng kotse, hindi mo kailangang pumili sa pagprotekta sa planeta o pagtitipid ng pera. Bilang startup na negosyo, maaaring maging sobrang mahal ng pagpopondo sa bangko. Ang garantiyang loan na ito ng Climate Tech Finance IBank mula sa Estado ng California ay may malaking papel sa pagbibigay-daan sa amin na ma-secure ang aming unang komersyal na loan sa bangko sa mga termino na maaaring magawang abot-kaya ang aming EV financing para sa mas maraming taga-California.

Hindi tulad ng tradisyonal na auto financing, ang platform ng Climate Loan ng EV Life ay nagbibigay-daan sa mga mamimili ng kotse na mag-apply para sa isang loan at gamitin ang kanilang mga kwalipikadong kredito ng buwis at mga rebate nang maaga para mapababa ang mga bayad nang hanggang \$200 bawat buwan, nang sa gayon ay mas maging abot-kaya ang EV kaysa sa sasakyang pinapaandar ng gasolina.

Ang garantiyang loan na ito ay ang pinakabagong proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang pagkwalipika sa teknolohiya, epekto ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, at pagsusuri ng greenhouse gas, kung saan natukoy na kwalipikado ang EV Life para sa milyun-milyong dolyar na garantiya sa loan. Sinuportahan ng garantiyang loan na ito ang kumpanya sa pag-secure ng linya ng kredito sa RSF Social Finance.

"Ang paglipat sa mga de-kuryenteng sasakyan ay nangangailangan ng malawak na accessibility, na nangangahulugan ng malawakang pagiging-abot-kaya," sabi ni IBank Executive Director Scott Wu. "Ang mga garantiyang loan ng IBank ay nagbibigay-daan sa mga innovator na dagdagan ang mga pangkalahatang solusyon sa klima sa mga paraang magdudulot ng malaking pagbabago. Nasasabik kaming suportahan ang malikhaing solusyon sa pagpopondo ng EV Life at gawing mas madaling bayaran ang mga EV."

Pangunahing prinsipyo ng programang [Climate Tech Finance](#) na suportahan ang mga makabagong proyekto sa klima, at sa pagsusuri ng greenhouse gas ng Distrito ng Hangin, natitiyak na nababawasan ng mga bagong teknolohiya ang mga panandalian at pangmatagalang emisyon ng greenhouse gas. Ang tinatayang paglago ng [EV Life](#) ay inaasahang magbabawas ng 30,000 metro tonelada ng carbon dioxide na emisyon bawat taon sa California sa pamamagitan ng pagtulong sa mga residente na lumipat sa mga de-kuryenteng sasakyan mula sa sasakyang pinapaandar ng gasolina.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

*Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*